
ANG Bayan

Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo XLIX Blg. 13
Hulyo 7, 2018
www.philippinerevolution.info




EDITORYAL

# Ubos-kayang labanan ang pasistang diktadurang pakana ni Duterte

Paspasan ang paghahanda ni Duterte para itatag ang kanyang pasistang diktadura. Nagmamadali siyang patahimikin ang lahat ng pwersang balakid sa kanyang tampalasang pakana. Nais niyang palitan kaagad ang konstitusyon at itulak ang iskemang pederalismo bago mag-eleksyon para lubos na isentralisa ang kapangyarihan at gamitin ang tabing ng "transisyon" para palawigin ang burukrata-kapitalistang paghahari ng mga Duterte at kanilang mga alipures.

Sagad-sagad ang paggamit niya ngayon sa mga pinakulo niyang "gera kontra-droga," "gera kontra-krimen," "kontra-tambay," "kontra-korapsyon," "kontra-oligarkiya," "kontra-terorismo" at "kapayapaan" para bigyang matwid ang pagwawasiwas niya sa militar at pulis, pati na sa mga mersenaryong *death squad*, para palaganapin ang takot at sindak sa mamamayang Pilipino.

Ginagamit niya ang gawa-gawang "narcolist" na mistulang kautusang pagpatay para birahin o ambahan ang kanyang mga kalaban sa pulitika, katunggaling burukrata-kapitalista at mga karibal na sindikato, kabilang ang mga upisyal ng pulis at militar, mga husgado, mga upisyal sa barangay, mga alkalde at iba pang lokal na upisyal. Nais niyang ang lahat ay pumila nang nakayuko sa kanya at sumunod sa kanyang kumpas.

Kasabay ng planong isagasa ang pederalismo simula sa katapusan ng buwan, pinaiigting ni Duterte ngayon ang pagsupil sa mga sektor na

## Ambus ng BHB sa Masbate, matagumpay

TINAMBANGAN NG Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate noong Hulyo 1, alas-9:30 ng gabi sa hangganan ng mga barangay ng Tagbon, Jamorawon at Cagay sa Milagros, Masbate ang tropa ng 2nd IB at Military Intelligence Company. Pitong sundalo ang napatay sa *command-detonated explosive* ng BHB.

Lulan ang mga sundalo ng isang siksbay nang mangyari ang ambus. Dinala sa ospital ng Masbate City ang sugatan habang ang mga malulubha ay isinugod sa Legazpi City.

Samantala, sa Northern Samar, apat ang napatay sa 43rd IB matapos silang tambangan ng BHB noong Hunyo 26, alas-9 ng umaga, sa Barangay Roxas, Lope De Vega. AB

tumututol dito. Pinakamasidhi ito sa Mindanao. Paulit-ulit ang mga upisyal ng militar sa pagpapakalat ng kathang-isip na plano ng Partido Komunista ng Pilipinas na patalsikin si Duterte sa Oktubre. Hindi malayong nakataon bago nito ang plano niyang ipataw ang batas militar o planong pangkalahatang pagsupil.

Kaugnay nito, tuluyang tinapos at ipininid ni Duterte ang pinto sa pakikipag-usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP). Ito ay upang bigyang daan ang paggamit sa Human Security Act (HSA o ang tinaguriang batas "kontra-terorismo") laban sa iba't ibang mga demokratikong pwersa. Gagamitin ni Duterte ang nakasampang kasong "terorismo" laban sa PKP at BHB para higpitan ang sinumang aakusahan niyang "terorista" o "tumutulong sa mga terorista."

Milyun-milyong pisong salapi ng bayan ang gamit ngayon ni Duterte sa pagpupropaganda sa *social media* at sa masmidya para lumikha ng ilusyon ng malawak na suporta. Target ng opensibang propaganda na siraan at palabasing "terorista" si Kasamang Jose Ma. Sison, ang PKP at BHB.

Ang pambansa-demokratikong mga pwersang hayag at ang mga armadong rebolusyonaryong pwersa ang pinakamalaking hadlang sa ambisyong diktadura ni Duterte. Batid ni Duterte na hindi sila basta masisindak, mapaaatras o mapatatahimik. Malaking ligal at armadong opensibang pagsupil ang iniuumang ni Duterte laban sa kanila.

Binantaan ni Duterte ang simbahang Katoliko na inakusahan niyang kaalyansa ng PKP. Bago nito, pinalakpakan niya ang magkasunod na pagpatay sa mga paring inakusahan niya ng imoralidad sa layuning sindakin at paluhurin ang simbahang Katoliko. Pinatalsik naman niya sa bansa ang ilang dayuhang misyonerong relihiyoso na aktibong nagtatanggol sa karapatang-tao at kapakanan ng mga api at pinagsasamantalahan.

Sa ipinakitang kahibangan ni Duterte at pagkalasing sa kapangyarihan, hindi siya papipigil sa ambisyon niyang maging diktador, hanggang hindi siya napatatalsik sa Malacañang. Sa harap ng minamadali niyang iskema para lubos na solohin ang kapangyarihan, dapat mabilis at buong-lakas na kumilos at lumaban ang buong bayan. Labanan at biguin ang pakanang maging diktador ni Duterte.

Sambayanang Pilipino, magkaisa at manindigan para wakasan ang tiraniya ni Duterte! Makibaka sa harap ng krisis at paglubha ng kahirapang bunga ng ipinataw na napakalaking buwis, pagsirit ng presyo at pagbagsak ng halaga ng sahod. Punitin ang ilusyon ng kaunlaran. Matatag, matapang at mapangahas na ipagtanggol ang mga karapatan, labanan ang pasistang paghahari at isulong ang demokratikong mga pakikibaka.

Ang masang manggagawa ang pinakamatatag at malawak na muog ng paglaban kay Duterte sa kalunsuran. Sila ang pinakanagngangalit sa mga buladas na pangako ni Duterte. Kumilos, labanan at panagutin si Duterte sa malalaking krimen niya sa masang manggagawa! Suportahan ang kanilang mga pakikibaka para sa regular na trabaho at umento sa sahod. Isanib sa lakas ng mga manggagawa ang hanay ng iba't ibang demokratikong sektor sa kalunsuran, laluna ng mga kabataan-estudyante, upang likhain ang makapangyarihang pwersang yayanig kay Duterte.

Ang masidhing kahirapan at panunupil sa kanayunan ay nag-uudyok sa malawak na paglaban ng masang magsasaka at mga minoryang mamamayan. Nagbubuklod sila sa buong bansa sa komun na pakikibaka para sa tunay na reporma sa lupa, pagtatanggol sa lupang ninuno at paglaban sa pasistang panunupil ng AFP. Nakikipagkapitbisig sila sa iba't ibang mga sektor sa kalunsuran para sama-samang magmartsa laban sa rehimeng US-Duterte.

Sa ilalim ng Oplan Kapayapaan, layunin ni Duterte na kalahatiin o lubos na gapiin ang Bagong Hukbong Bayan sa loob ng 2018. Lubos itong mabibigo. Labis na binabatak,

ANG Bayan

Tomo XLIX Blg. 13 | Hulyo 7, 2018

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/sine.proletaryo

@prwc_info

fb.com/groups/cppinformationbureau

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal**: Ubos-kayang labanan ang pasistang diktadurang pakana ni Duterte 1

Ambus ng BHB-Masbate, tagumpay 1

34 aktibista, inaresto 3

1 patay sa "Tanggal Tambay" 5

P300B badyet ng AFP 5

Pinaigting na operasyong militar 7

Kontra-mahirap na adyenda 7

Mga maniobra sa libreng edukasyon 9

Magkano ang sahod mo 10

Protesta laban sa CoreAsia 11

PLDT, kontra-manggagawa 12

Pakikibakang LGBT 13

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

pinapagod at inuubos ng militar ang kanilang pwersa at rekurso para kubkubin at sakupin ang libu-libong baryo na nasasaklaw ng pagkilos ng BHB at naaabot ng rebolusyonaryong impluwensya at awtoridad. Ang inilulunsad na kampanya ng panunupil sa mga baryo ay nagpapalalim ng galit ng masang magsasaka at naghihiwalay sa kanila.

Sa pangunguna ng mga namumunong komite ng Partido at kumand sa operasyon ng BHB, magagamit ng mga yunit ng BHB ang mga taktikang gerilya ng konsentrasyon, pagkalat at mabilis na paglilipat-lipat para panatilihing bulag at bingi ang kaaway, sumusuntok sa hangin at nagsasayang ng lakas. Dapat birahin ang pinakakinamumuhiang mga yunit ng AFP na may malalaking pasistang krimen laban sa bayan.

Sa kabila ng pagpapakitang-lakas ni Duterte, lubos na mahina ang kanyang paghahari. Ang paggamit niya ng lantarang karahasan para manindak ay tanda ng malaking kahinaan ng kanyang rehimen. Malalim ang krisis ng naghaharing sistema. Bitak-bitak ang hanay ng mga naghaharing uri. May kani-kanyang ambisyon at katapatan ang mga upisyal ng AFP at PNP. Bagaman sunud-sunuran siya sa imperyalismong US, maaari siyang isuka nito anumang oras laluna kung manganib ang kanilang interes sa harap ng pag-aaklas ng buong bayan.

Nananaginip nang gising si Duterte at ang kanyang mga alipures sa pag-aambisyon niyang maging diktador. Nakakadalawang taon pa lamang siya subalit labis na siyang kinamumuhian ng mga Pilipino. Lalabanan ng buong lakas ang kanyang pakana. Sa harap ng matinding krisis sa pulitika ng naghaharing sistema sa ilalim ni Duterte, sa malao't madali, babagsak si Duterte at magwawakas ang kanyang tiraniya at paghaharing pasista. AB

# 34 aktibista, inaresto

Sa loob ng dalawang linggo, 34 na mga aktibista at progresibo ang iligal na inaresto at apat na magsasaka ang pinatay sa pinatinding atake ng rehimeng US-Duterte sa demokratikong kilusan. Umiigting ang "crackdown" ng rehimen sa buong bansa kasabay ng pagdami ng bilang ng mga magsasakang pinapaslang. Nagpapatuloy din ang malawakang pambobomba, panggigipit at pananakot sa mga komunidad ng mga Lumad, Moro at iba pang mamamayan.

**Maramihang pag-aresto.** Labintatlong aktibista at taong-simbahan ang inaresto, noong Hulyo 4, alas-8 ng gabi, sa Mother Francisca and Spiritual Center, Radasa St., Ladao, General Santos City. Sa isang konsultasyon ng mga boluntir at katuwang ng Iglesia Filipina Independiente Visayas-Mindanao Regional Office for Development (IFI-VIMROD) hinggil sa isyu ng mga magsasaka at Lumad, biglang pumasok at nanggulo ang pwersa ng Criminal Investigation and Detection Group, Philippine National Police at Joint Task Force GenSan at iligal na inaresto ang 13.

Kinilala ang mga inaresto na sina Jomorito Goaynon ng Kalumbay Regional Lumad Organization; Roger Plana, Kalumbay *secretary general* at boluntir ng VIMROD; Aldeem Yañez ng IFI; Ireneo Udarbe ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas; Vennel Chenfoo ng Kabataan Partylist; Kristine Cabardo ng League of Filipino Students; Teresita Naul ng Karapatan; at ilan pang empleyado ng IFI. Ikinulong sila sa Camp Fermin, General Santos City at sinampahan ng kasong *obstruction of justice*.

Labing-isa sa mga inaresto ang nakapagpyansa, ngunit hawak pa rin ng PNP sina Emilio Gabales at Bella Catubay. Ayon sa Barug Katungod Mindanao, depektibo ang ipinakitang mandamyento sa pag-aresto sa dalawa. Maliban sa hindi pirmado ng huwes, ibang mga pangalan ang nakasaad sa dokumento.

Sa parehong araw, inaresto ang anim na kababaihang magsasaka na kasapi ng Onyon sa Yanong Obrerong Nagkahiusa (OGYON) ng mga elemento ng 8th IB sa Barangay New Eden, Pangantucan, Bukidnon. Inakusahan silang tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan. Noong Hunyo, inaresto rin ng parehong yunit sina Wenerito Bahian, Gerry Bagiou, Edilberto Yurong at Ricky Omandam, mga residente ng Barangay Concepcion at Barangay New Eden. Sila ay iligal na nakadetine sa detatsment ng AFP sa Mampayag, Manolo Fortich, Bukidnon.

Noong Hunyo 20, iligal na inaresto ng mga elemento ng 36th IB ang anim na guro ng Tribal Filipino Program in Surigao del Sur (TRIFPSS) sa Hayon, San Miguel, Surigao del Sur. Pinahinto ng mga sundalo ang pulong ng Parent-Teacher-Community Association (PTCA) at sapilitang dinala ang mga guro sa *barangay hall* ng Libas Sud at ipinailalim sa interogasyon.

Sa Barangay Tawan-tawan, Baguio District, Davao City, apat na magsasaka naman ang iligal na inaresto ng 3rd IB at inakusahang kasapi ng BHB. Ikinulong sila nang limang araw at hindi pinayagang kumontak kahit kanino. Sa kalapit na lugar, sa Barangay Magsaysay, Marilog District, anim naman ang sapilitang pinasuko ng militar bilang myembro ng BHB.

Sa Masbate, iligal na dinakip ng 2nd IB ang magsasakang si Reneboy Mahinay ng Barangay San Carlos, Milagros noong Hulyo 1 at pilit na pinagigiya sa kanilang operasyon. Binugbog siya ng mga sundalo nang siya'y tumanggi.

Sa Lapu-lapu City, inaresto nang walang mandamyento ang myembro

ng Anakbayan na si Nicolas Minguito sa tabing ng "Oplan Tokhang."

**Pamamaslang.** Sa Mobo, Masbate, pinatay ng mga sundalo ng 2nd IB ang magsasakang si Rolly Arcenal sa Barangay Barag noong Hulyo 1 nang datnan ng mga sundalo sa kanyang ulingan. Matapos ang krimen, pinalabas ng AFP sa midya na myembro ng BHB si Arcenal na kanilang napatay sa labanan.

Sa San Carlos, Negros Occidental, binaril at napatay ang tagapangulo ng Hacienda Medina Farmworkers Association – National Federation of Sugar Workers na si Julius Broce Barellano noong Hunyo 27. Bandang alas 8:30 ng umaga nang siya ay barilin sa tapat ng kanyang bahay.

Noong Hunyo 17, natagpuan namang patay si Jolito Lopez Calaque, isang lider magsasaka, sa bayan ng Carigara, Leyte. Ito ay matapos siyang mawala noong Hunyo 16. Hinihinalang mga elemento ng militar ang dumukot at pumatay kay Calaque.

Sa Compostela Valley, patay ang magsasakang si Arnel Penaso, nang barilin ng di-kilalang mga indibidwal noong Hunyo 21 bandang alas-6 ng gabi sa kanyang sariling bahay sa Purok 2, Barangay Poblacion, Compostela. Si Penaso, 48, ay aktibong kasapi ng San Antonio Maparat Farmers Association. Isa si Penaso sa mga nangunguna sa pakikibaka ng mga nakaligtas sa bagyong Pablo para magkaroon ng mga pampublikong pabahay. Ayon sa kanyang kamag-anak, ipinatawag si Penaso ng 25th IB noong nakaraang Mayo.

**Militarisasyon.** Lalo pang lumawak ang pambobomba ng AFP para palayasin ang mga residente sa mga komunidad ng Moro sa paligid ng Liguasan Marsh. Sa tabing ng "kontra-terorismo," tuluy-tuloy na kinanyon ng 33rd IB sa pangunguna ni Lt. Col. Harold Cabunoc ang Datu Paglas, Maguindanao noong Hulyo 3. Ginamit na sangkalan ni Cabunoc ang naganap na sagupaan sa pagitan ng mga tropa nito at mga hinihinalang kasapi ng Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF). Dahil dito, napilitan ang mga residente ng Marobak at iba pang apektadong lugar na magbakwit sa Datu Paglas Central School at sa *gym* ng munisipyo. Dagdag sila sa mahigit 23,400 indibidwal na una nang nagbakwit sa 11 baryo sa limang munisipalidad ng Sultan Kudarat noong Hunyo dahil sa pambobomba ng AFP.

Kasabay nito, nagpapatuloy pa rin ang atake sa mga paaralang Lumad. Binuwag ng mga gwardya ang hanay ng nagpuprotestang mga mag-aaral at guro ng Center for Learning Advocacy Networking and Services Inc. Socsksargen at MISFI Academy sa harap ng Department of Education (DepEd) Region 12. Nagprotesta sila sa DepEd para ipanawagan ang pagwawakas sa militarisasyon at pang-aatake sa kanilang mga paaralan.

**Atake sa mga magsasaka.** Walang pakundangang binuldoser ang mga bagong punlang palay ng mga Aeta at magsasaka sa Barangay Aranguren, Capas, Tarlac para bigyang daan ang proyektong Manila Clark Railway na bahagi ng Clark Green City. Kasabay nito, pinagpuputol ang mga puno na pinagkukunan nila ng kabuhayan. Matagal nang nakararanas ng panggigipit ang mga Aeta at magsasakang tumututol sa Clark Green City.

Sa Lupang Ramos, Dasmariñas City sa Cavite, binugbog ng mga tauhan ng Pangilinan-Tolentino-Herrera si Romeo Aleda, kasapi ng Katipunan ng Lehitimong Magsasaka ng Lupang Ramos (KASAMA-LR). Ang grupo ay mga tauhan ng Ayala. Kumapal din ang presensya ng Public Safety Battalion ng PNP na nakakampo sa lugar. Masugid na nilalabanan ng KASAMA-LR ang pangangamkam sa lupang kanilang binubungkal.

**Panggigipit.** Ginipit ng Bravo Company ng 92nd IB ang mga kasapi ng Protect Sierra Madre Peace and Humanitarian Mission noong Hunyo 30 sa Singawan, Umiray Village, Dingalan, Aurora. Isinagawa ang misyon para magbigay ng mga pagkain sa mga napalayas na Dumagat. Halos 600 Dumagat ng Sierra Madre sa mga prubinsya ng Aurora, Quezon at Rizal ang apektado ng malawakang operasyong militar sa lugar.

Samantala, ginipit ng Bureau of Immigration ang tatlong dayuhang relihiyosong misyonero matapos lumahok sa International Fact Finding Solidarity Mission sa Mindanao na nilahukan din ni Sr. Patricia Fox. Dineport sina Chandiwana Tawanda ng Zimbabwe at Adam Thomas Shaw ng United States, at kinumpiska naman ang pasaporte ni Miracle Osman ng Malawi.

Sa NCR, isang *text* ang natanggap ng isang estudyanteng kasapi ng Anakbayan-University of Sto. Tomas noong Hunyo 26. Nagpakilala ang nag-*text* na mula sa National Bureau of Investigation at sinabing tinitiktikan ang selpon ng estudyante. AB

## Mga magsasaka, minasaker ng 96th IB

TATLONG MAGSASAKA SA Ragay, Camarines Sur ang dinukot at pinatay noong Mayo 13 ng 96th IB na pinamumunuan ni Lt. Col. Leo Bongosia. Kabilang ang 96th IB sa sampung bagong-buong batalyon ng AFP.

Sina Antonio Bonagua, 19, Ronel Nariz, 25, at Roberto Ramos, 30, ay mga magkokopra sa Barangay Patalunan sa nasabing bayan. Nawala sila noong Mayo 13, matapos makasagupa ng mga sundalo ang BHB malapit sa lugar, at inakala ng pamilya na dinala sa kampo ng 96th IB.

Matapos ang ilang linggong paghahanap ng mga kapamilya at kapitbahay, natagpuan nito lamang Hunyo 22 ang mga hukay na pinaglibingan sa tatlo.

Inilibing ang mga biktima sa maliliit at mababababaw na hukay. Dalawa sa mga bangkay ay may mga palatandaan ng matinding pagpapahirap, samantalang ang isa ay pinaniniwalaang inilibing nang buhay.

# ₱300B badyet ng AFP, panlaban sa mamamayan

Inaprubahan kamakailan ni Rodrigo Duterte ang dagdag na ₱300 bilyon para sa Revised Armed Forces of the Philippines Modernization Program (RAFPMP). Nakalaan ang multibilyong pondo para sa Horizon 2 ng nasabing programa na may kaakibat na halos 200 proyekto.

Sinimulan ang AFP Modernization Program sa panahon pa ng rehimeng Ramos sa pamamagitan ng pagpasa sa Republic Act 7898 noong 1995. Ipinatupad ang RAFPMP nang matapos ang programa noong 2010, sa pamamagitan ng pagpasa sa Republic Act 10349 sa ilalim ng rehimeng Aquino. Itinakda ang programa na tatakbo hanggang 2027.

Batay sa datos ng Department of National Defense (DND), ang ₱300-bilyong pondong laan ng rehimeng Duterte ay pinakamalaki sa nagdaang rehimeng nagpatupad ng programa sa modernisasyon. Halos doble ito sa ₱170 bilyong pinagsamang gastos mula 2002.

Alinsunod sa plano, gagamitin ang pondo para bumili ng mga *howitzer*, *multiple launch rocket system, armored recovery vehicle*, *multi-role fighter*, radar, iba't ibang uri ng helikopter, barko, submarino, *amphibious assault vehicle*, *unmanned aerial system*, mga sistema ng misayl, at marami pang iba. Pangunahing nakatuon diumano ito sa depensang panlabas.

Gayunpaman, inamin ni Duterte mismo na gagamitin ang mga armas na bibilhin para sugpuin ang internal na mga "banta

*...sundan sa pahina 6*

# 28,000 inaresto, 1 patay sa 'Tanggal Tambay'

Isa ang patay sa papatinding Oplan "Tanggal-tambay" na inilulunsad ng berdugong Philippine National Police (PNP) sa utos ng nag-aastang diktador na si Rodrigo Duterte. Si Genesis "Tisoy" Argoncillo ay namatay noong Hunyo 19 sa Police District Station 4 sa Novaliches, Quezon City sa dami ng bugbog sa katawan. Si Argoncillo, 22 anyos, ay hinuli ng mga pulis noong Hunyo 15 habang bumibili sa tindahan dahil wala siyang suot na *t-shirt*.

Para bigyang katwiran ang kampanya laban sa mga "tambay," ginagamit na dahilan ng PNP ang umano'y paghihigpit sa pagpapatupad ng mga lokal na ordinansa sa mga syudad at munisipalidad.

Mayroon pang isang 10-taong gulang at mga menor de edad na hinuli para proteksyunan diumano ng mga pulis. Kabalintunaan ito laluna sa harap ng pagpaslang ng mga kagawad nito kina Kian delos Santos at ibang kabataang biktima ng "gera kontra-droga." Isang babae rin ang hinuli at isinugod sa ospital.

Sa higit tatlong linggong pagpapatupad nito, simula Hunyo 13, iligal na inaresto at ikinulong ang higit 28,000 katao. Tinatayang nasa isang libo kada araw ang ikinukulong ng mga pulis. Pinagbabayad ng multang ₱200-₱1,000 ang mga nahuhuli para agarang makalaya.

Isang malaking balato ng rehimeng Duterte ang kampanya para sa PNP dahil tiyak na sa bulsa ng mga upisyal didiretso ang multang binabayaran. Suhol ito ni Duterte para manatiling tapat sa kanya ang berdugong PNP.

Laganap din ang Oplan "Tanggal Tambay" sa Cebu, Cagayan de Oro, at sa iba pang bahagi ng bansa. Kalakhan sa mga hinuhuli ay mula sa mga maralitang komunidad.

Sa isinasagawang kampanya kontra-"tambay," pinagtatakpan ng rehimen ang katotohanan na ang estado ang lumilikha ng mga "tambay" dahil sa kawalan ng trabaho, kontraktwalisasyon, kawalan ng pabahay, sumisirit na presyo ng bilihin at hindi pagbibigay ng mga batayang serbisyong panlipunan tulad ng edukasyon at iba pa.

Naglunsad ang mga progresibong organisasyon ng Black Friday Protest noong Hunyo 22 para ikundena at ipanawagan ang hustisya para kay Argoncillo at pagbabasura sa kampanya laban sa mga "tambay." Gayundin, naghain ng resolusyon ang Makabayan Bloc noong Hunyo 26 sa Kongreso para imbestigahan ang pagkamatay ni Argoncillo at ang mismong kampanya. AB



*"P300B badyet...," mula sa pahina 5*

sa seguridad" tulad ng "terorismo." Kabi-kabila ngayon ang pagdedeklara niya na "terorista" ang rebolusyonaryong mga pwersa at mga progresibong organisasyon at indibidwal.

Dagdag dito ang hindi maitatagong pagkukumahog ng mga upisyal ng AFP dahil isa na namang oportunidad ito para punuin ang kanilang mga bulsa sa maanomalyang pagbili ng kagamitan. Sa katunayan, marami pa sa mga proyekto sa ilalim ng Horizon 1 ng RAFPMP, na nararapat sanang maipatupad mula 2013 hanggang 2017, ay hindi pa natatapos. Ang Horizon 1 ay dinisenyo para umano'y palakasin ang panloob na seguridad ng bansa. Batbat ng iba't ibang anomalya ang mga proseso nito.

Nalantad sa isang pagdinig ng Senate Blue Ribbon Committee noong 2013 na 98% ng mahigit 35,000 kontrata sa ilalim ng programa ng modernisasyon ay hindi dumaan sa *public bidding*, bagkus ay ipinadaan sa negosasyon. Sa gayon, natiyak ng mga upisyal ng AFP na mapupunta ang mga kontrata sa pinaboran nilang mga kumpanya at kontraktor. May mga pagkakataon din na ikinakansela ng nakaupong rehimen ang mga kontrata at ibinibigay sa ibang taga-suplay.

Isa sa pinakakontrobersyal na proyekto ang ₱6.5 bilyong Shore Based Missile System (SBMS) na kayang tumama sa target na may layong 150 kilometro. Noong 2015, umani ng batikos ang rehimeng Aquino dahil sa halip na bilhin ang nasabing *missile system*, inilipat basta-basta ang ₱6.5 bilyong pondo para sa pagbili ng mga riple, *protective gear*, *long-range sniper system*, at iba pang sandatang pandigma ng Philippine Army. Idinahilan ng AFP ang pagsugpo sa Bangsamoro Islamic Freedom Fighters (BIFF) para bigyan-katwiran ang anomalya.

Ipinakikita ng nasabing agarang paglipat ng pondo na madali lamang para sa pamunuan ng AFP na laru-laruin ang pondo para sa RAFPMP.

Samantala, noong 2011, nalantad din kung gaano kalawak ang saklaw ng korapsyon sa pondo ng RAFPMP. Sa pag-imbestiga ng Kongreso sa kaso ni dating AFP Comptroller at retiradong Gen. Carlos Garcia, nabunyag ang paggamit ng ₱900 milyon mula sa AFP Modernization Fund hindi para sa mga modernong sandata't kagamitan kundi para sa kaduda-dudang "office supplies."

Sa ilalim ng rehimeng Duterte, naging batbat ng anomalya ang pagbili ng dalawang barko ng Philippine Navy, ang kauna-unahang kontratang pinirmahan nito sa ilalim ng RAFPMP. Nasangkot pa ang pinakamalapit nitong utusan, si Christopher "Bong" Go sa anomalya sa pagbili ng dalawang Navy *frigate* na nagkakahalaga ng ₱15.7 bilyon. Ayon sa mga ulat, pinaboran ni Go ang kumpanyang Hanwha Thales ng South Korea, kaiba sa pinili ng Philippine Navy na *supplier* na Tacticos Thales ng The Netherlands.

**Pagpapatindi ng atake sa mamamayan**

Sa kabila ng sinasabi ng AFP na para sa pagpapaunlad ng depensang teritoryal ang pondo para sa Horizon 2, lantad na gagamitin ang multibilyong pondo para sa pagpapatindi ng pagsupil sa mamamayan.

Sa pamamagitan ng nasabing pondo, layon ng AFP na muling punuin ang kaban nito ng armas na agad na nasaid bunsod ng todong kampanya ng paghuhulog ng bomba, pamamaril, at pagsira sa mga komunidad sa ilalim ng todong opensibang militar at atake sa mga sibilyang komunidad, sakahan at paaralan.




Halos kaalinsabay ng pag-apruba sa multibilyong pondong ito ni Duterte sa muling pagkansela ng usapang pangkapayapaan, palatandaan na sinisigurado ni Duterte na magpapatuloy ang todong atake ng AFP sa mamamayan, at walang makapipigil sa paglulunsad ng mas matitinding opensibang militar sa buong bansa, partikular sa Mindanao na nasa ilalim ng batas militar.

Sa pamamagitan ng daan-daang bilyong pisong nasa kamay ng AFP, siguradong titindi at mas nakapamiminsala ang mga operasyong militar sa susunod na mga panahon.

Sa katunayan, kalakhan ng nasa listahan ng AFP ng bibilhing gamit para sa militar ay mga sandata para sa pagpapaigting ng "kontra-insurhensya," kabilang ang 155mm Howitzer, tangke, *armored recovery vehicle*, radyong pangkomunikasyon, *ground mobility equipment*, at *night fighting system*. Ang mga gamit-militar na ito ay karaniwang ginagamit sa malalawak na operasyong kombat sa mga baryo at komunidad sa kanayunan gamit ang mga "peace and development team." *(Tingnan ang kaugnay na artikulo.)*

Sa ngayon, laganap na itong ipinatutupad sa Mindanao at iba pang "prayoridad" na lugar ng AFP. AB

# Pasista at kontra-mahirap na adyenda



Sa Hulyo 23, muli na namang maglalatag si Rodrigo Duterte ng mga "prayoridad" na panukala sa kanyang State of Nation Address o SONA. Tiyak na hindi ito lalayo sa inilatag niyang pasista at kontra-mamamayang adyenda sa lehislatura na pangunahing inatupag ng kanyang "supermayorya" sa Kongreso at Senado nitong nakaraang isang taon.

**Adyendang pasista**

Sa kanyang ikalawang SONA noong nakaraang taon, dalawa sa tinukoy ni Duterte na "pinakakagyat" na panukala ng kanyang rehimen—ang pederalismo at pagtatag ng National ID System—mga panukalang magtitiyak ng kanyang walang taning at walang limitasyong kontrol sa estado poder.

Noong Enero, bigo siya at ang kanyang supermayorya na iratsada ang pederalismo sa anyo ng pagbabago ng konstitusyon *(charter change o cha-cha)* sa Kongreso. Mariing tinutulan ng buong sambayanan, kabilang ng kanyang mga kalaban sa pulitika sa loob at labas ng kanyang partido, ang pakana niyang kopohin ang kapangyarihan ng estado at magtagal sa pwesto nang hanggang 10 taon. Bago nito, bigo rin siyang ilusot ang iskemang "rebolusyonaryong gubyerno," kung saan ipupwesto niya ang sarili bilang diktador na maka-

*...sundan sa pahina 8*

### Pinaigting na operasyong militar sa mga baryo

PINANGALANANG mga "peace and development team" (PDT) ang laksa-laksang pwersang militar na ipinakat ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa mga baryo sa iba't ibang panig ng bansa. Sinimulan ito sa ilalim ng Oplan Bayanihan at ipinagpatuloy sa ng Oplan Kapayapaan ng rehimeng US-Duterte. Target nitong gapiin ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) bago matapos ng taong 2018.

Bunsod nito, halos isandaang batalyon ng tropang pangkombat ang ibinuhos ng AFP sa buong bansa. Nasa Mindanao ang 75% nito, kung saan 50% ang nakadeploy laban sa BHB. Ayon mismo sa AFP, halos kalahati din ng kanilang P195.4-bilyong badyet para sa 2018 ang laan para pondohan ang mga operasyon ng PDT.

Sa ilalim ng PDT, nagdaraos ng mga pakitang-taong operasyong sibiko (medikal, *sports*, *community service*) sa mga baryo upang tabingan ang mga operasyong saywar, paniktik, pangkombat, pagpatay na ala-Tokhang, "opensibang ligal" o pagtatambak ng mga gawa-gawang kasong kriminal laban sa pinagsususpetsahang mga lider at aktibistang masa, pagkontrol sa populasyon at mga rekurso, pagwasak at pag-atake sa mga organisasyong masa, at iba't ibang pasistang paniniil at pang-aabuso.

Sa pamamagitan ng mga operasyon ng PDT, lansakang pinagkakaitan ang mga taumbaryo ng kanilang mga demokratikong karapatan at kalayaang sibil. Laganap ang arbitraryong pang-aaresto, pang-iipit, sapilitang pagpapatrabaho, pagpapagiya sa mga operasyong militar, pagpapasali sa mga paramilitar at CAFGU at pagrerekrut sa mga lambat paniktik.

Marami sa mga magsasaka ang pinagbabawalang pumunta sa kanilang mga sakahan at bumili ng pagkain at pangangailangang lagpas sa idinikta ng mga sundalo. Laganap din ang mga kaso ng paniniil sa purong suspetsa o kapritso ng mga sundalong madalas nakahimpil sa mga pampublikong lugar at istruktura.

Lalo pang sumidhi ang ganitong mga atake ng PDT sa ilalim ng batas militar na ipinatutupad sa Mindanao, kung saan nag-aastang despotikong mga hari ang mga sundalo sa eryang kanilang kinukubkob. Laganap din ito sa mga pinaghihinalaang "lugar ng BHB" sa Luzon at Visayas.

Nararapat iulat, ilantad, labanan at wakasan ang ganitong mga pasistang maniobra ng estado ng lahat ng rebolusyonaryong pwersa at nagkakaisang demokratikong sektor ng lipunan. AB




*"Pasista at...," mula sa pahina 7*

pangyarihan sa lahat, kabilang sa armadong hukbo.

Gayunpaman, nailusot niya ang baha-bahagi ng kanyang pasistang pakana. Napalawig niya ang batas militar sa Mindanao nang isa pang taon. Nabigyan niya ng awtoridad na maglabas ng *subpoena* ang mga pulis (dating ekslusibong kapangyarihan ng mga korte). Naipagpaliban niya ang lokal na eleksyon sa mga barangay mula Oktubre 2017 tungong Mayo bilang bahagi ng paghahanda sa pagbabago ng sistema ng paggugubyerno. Naipapasa niya ang National ID System na naghihintay na lamang ng kanyang pirma.

Ang hindi niya nailusot sa Kongreso ay ipinag-utos niya sa pamamagitan ng mga proklamasyon. Bahagi ng kanyang paghahanda para ideklara ang *martial law* sa pambansang saklaw ang pagtatapos niya sa usapang pangkapayapaan sa National Democratic Front of the Philippines noong Nobyembre (Proclamation 360) at ideklara ang PKP, BHB at samutsaring mga aktibista bilang mga terorista noong Disyembre (Proclamation 374).

Bagamat wala sa prayoridad niyang panukala, inihabol ni Duterte sa Kongreso ang Bangsamoro Basic Law (BBL) noong Mayo. Ginamit niya ito para pahupain ang galit ng mamamayang Moro sa batas militar at pagwasak ng AFP sa Marawi City, gayundin bilang pandagdag na katwiran para itulak ang pederalismo.

**Kontra-mahirap, maka-dayuhan**

Noong 2017, nairatsada ng mga alipures ni Duterte ang panukalang nag-amyenda sa National Revenue Code, mas kilala bilang Tax Reform for Acceleration and Inclusion o TRAIN Law. Nagdulot ito ng mabilis na pagtaas ng mga presyo ng bilihin at singil ng mga pampublikong serbisyo, laluna at kasabay ito ng pagsirit ng mga presyo ng produktong petrolyo. Ang TRAIN, na ipinaketeng katuwang ng programang "Build, Build, Build" ng rehimen, ay pinirmahan kasabay ng pagpasa ng pambansang badyet para sa 2018 na nagdiin sa engrandeng planong pang-imprastruktura.

Nitong Mayo, pinirmahan naman ni Duterte ang panukala para "pagaanin" ang pagnenegosyo sa bansa (RA 11032). Pinabilis nito ang pagbibigay ng *permit* sa lokal at dayuhang mga negosyo. Katuwang ito ng pinirmahan niyang kautusan noong Nobyembre (Memorandum Order 16) na nag-uutos sa NEDA na pabilisin ang pagbubukas sa walong larangan ng ekonomya sa dayuhang pamumuhunan. Kabilang dito ang konstruksyon ng mga pampublikong imprastruktura at pagpapatakbo ng serbisyong sosyal. Ito ay habang hindi pa niya pormal na napipirmahan ang kautusang nagpapaiksi sa listahan ng mga negosyo at propesyong hindi maaaring pasukin o buong ariin ng mga dayuhan.

Binukas din ni Duterte ang dalawang malalawak na lugar sa pandarambong ng mga dayuhang pamumuhunan. Noong Hunyo 28, 2017, itinatag niya ang Task Force Bangon Marawi para pangasiwaan ang pagpasok ng mga dayuhang kumpanya sa Marawi sa tabing ng rehabilitasyon. Noong Pebrero naman, itinayo niya ang Task Force Boracay para padulasin ang malawakang pangangamkam ng lupa sa isla.

**Demagogong walang maskara**

Kasabay ng matitinding patakaran sa ekonomya at pulitika, ipinasa ni Duterte ang ilang panukalang isinampa ng mga progresibo pero niretoke ng kanyang mga alagad. Isa rito ang Free Education Act (RA 10931) na hindi na tunay na libre, ginagamit pa para mabiyayaan ng bilyun-bilyong pondo ang mga kapitalistang edukador. *(Tingnan ang kaugnay na artikulo.)*

Isa rin ang Free Irrigation Act, na sumakay sa malaon nang hinaing ng mga magsasaka, pero ginagamit ng rehimen para sa sariling kapakinabangan. Liban sa kitid ng saklaw na kalupaang may irigasyon at sira-sirang pasilidad, ginagamit ito ng rehimen para itayo ang mga sistema ng dam na pinondohan ng dayuhang malalaking bangko. Kabi-kabila rin ang korapsyon sa badyet ng programa, kung saan may nakalaang pondo ang mga rehiyong walang sektor ng agrikultura tulad ng pambansang kabisera.

Ang pinakapalpak na kautusan ni Duterte ay ang kautusang ehekutibo na kunwa'y nagtatapos sa *endo (end of contract)* na iniharap niya sa mga manggagawa noong Mayo. Umani ng kabi-kabilang batikos ang walang silbing EO 52 kung kaya't napilitan si Duterte na iatras ito at ipaubaya na lamang sa Kongreso. Ginagamit ito ngayon ng pinakamalalaking kumpanya para itigil ang mga kontrata nito sa mga ahensya ng paggawa na nagdulot na ng pagkatanggal ng daan-daang libong kontrakwal.

Sa Kongreso, nananatiling nasa antas-komite ang mga panukalang magtitiyak sa seguridad sa trabaho at tunay na reporma sa lupa. Ito ay sa kabila nang pagdeklara ni Duterte sa mga ito bilang mga "prayoridad na panukala" ng kanyang rehimen noong 2017. AB

Mga maniobra ng paniningil sa 'libreng edukasyon' ni Duterte

# Libre pero may bayad

Tiyak na ipagmamayabang ni Rodrigo Duterte sa kanyang ikatlong State of the Nation Address sa Hulyo 23 ang Republic Act (RA) 10931 o ang Universal Access to Quality Tertiary Education. Ipinalalaganap ito ng kanyang rehimen bilang kanyang "pinakamalaking programa ng hustisyang panlipunan sa edukasyon" dahil nagbibigay diumano ito ng subsidyo para gawing libre ang matrikula sa kolehiyo.

Noong 2017-2018, isang milyong estudyante ang nasaklaw sa subsidyong ito sa halos 117 na pampublikong pamantasan at kolehiyo (*state universities and colleges* o SUC) sa buong bansa. Sa unang semestre ng 2018-2019, inaasahang dadami pa ang mangangailangan dito dahil sa pagpasok ng unang mga gradweyt ng K-12 sa kolehiyo.

Pero sa likod ng pagkukunwari nitong "libre," ang katotohanan ay nagbabayad pa rin ng matrikula at samutsaring bayarin ang mga estudyante sa mga SUC at sa mga lokal na pamantasan (*local universities and colleges* o LUC). Iba't ibang maniobra ang ipinatutupad ng rehimen para pagkaitan pa rin ang mga estudyante ng karapatan sa edukasyon. Ito ay habang tinitiyak ng rehimen na mabibiyayaan ng kita ang mga pinapaburang kapitalista-edukador.

**Mga maniobra ng paniningil sa mga SUC at LUC**

Sa kabila ng malawak na kahilingan para sa libreng edukasyon, itinutulak pa rin ng rehimeng Duterte—sa pangunguna ng Commission on Higher Education (CHED) at ng mga upisyal nito sa pinansya at ekonomya—ang patuloy na paniningil ng matrikula at iba pang bayarin sa loob ng mga pamantasan. Inabot nang halos pitong buwan bago mailabas ng CHED ang Implementing Rules and Regulations (IRR o mga alituntunin at regulasyon) ng batas. Dahil sa pagkaantala ng IRR, marami pa ring kabataan ang pinagbayad ng matrikula sa pagsisimula ng pasukan noong 2017-2018. Nagdulot ito ng matinding pagkadismaya sa hanay ng mga estudyante.

Sinakyan pa ng mga pamantasan ang pagkaantalang ito para magpatupad ng mas mahihigpit na rekisito para makatanggap ng libreng matrikula at maningil ng mas mahal na dagdag na bayarin *(other school fees* o OSF). Sa Polytechnic University of the Philippines, naniningil ang administrasyon ng ₱1,500-6,000 na OSF.

Sa Unibersidad ng Pilipinas (UP), nagpapatuloy pa rin ang iskema ng panghuhuthot ng kita mula sa mga estudyante sa pamamagitan ng Socialized Tuition System (STS). Simula 2011, kumikita ng halos P11 milyon kada taon ang UP mula pa lamang sa paniningil ng matrikula. Imbes na itigil ang iskemang ito, nais pang ipatupad ng CHED ang STS sa lahat ng mga SUC. Sa Visayas State University, ipinatupad ang STS sa halip na libreng matrikula matapos ang unang semestre ng pasukang 2017-2018.


Sa kaso ng mga lokal na unibersidad at kolehiyo, 78 lamang sa 107 ang saklaw ng libreng matrikula. Sa NCR, dalawa lamang sa 16 na pamantasan ang makatatanggap ng libreng matrikula. Sa Pamantasan ng Lungsod ng Marikina, sinisingil pa rin nang ₱17,000 ang mga estudyante na hindi residente ng syudad.

**Tiyak na kita ng mga pribadong pamantasan**

Kasabay ng patuloy na paniningil sa mga SUC, ginagamit din ng rehimen ang batas para bigyan-katwiran ang pagbuhos ng pampublikong pondo sa mga pribadong paaralan. Sa pambansang badyet ngayong taon, naglaan ng kasinlaking pondo ang rehimen sa mga pribadong kolehiyo sa anyo ng Tertiary Education Subsidy (TES).

Ang TES ay ang subsidyong inilalaan para magbigay ng diumano'y ayuda sa mahihirap pero karapat-dapat na kabataang pumapasok sa mga pribadong pamantasan. Sa aktwal, ang TES ay garantisadong kita ng mga kapitalista-edukador. Sa P41 bilyon badyet ng libreng matrikula, ₱15.9 bilyon ang nakalaan para sa mga pribadong pamantasan, halos kapantay ng P16 bilyong budyet para sa mga SUC. Liban dito, nakasampa sa CHED ang aplikasyon ng halos 400 pribadong unibersidad para humingi ng 11-12% na muling pagtataas ng kanilang mga matrikula.

*...sundan sa pahina 10*



# Magkano ang sahod mo?

Mabilis na dumausdos ang kabuhayan ng mga manggagawa sa ilalim ng unang dalawang taon ng rehimeng Duterte. Nitong Hunyo, rumurok na sa 5.2% ang tantos ng implasyon sa bansa, ang pinakamabilis na naitalang pagsirit ng mga presyo sa loob ng mahigit limang taon. Patuloy namang bumubulusok, sa kabilang banda, ang halaga ng piso.

Ang piso noong 2006 ay nagkakahalaga na lamang ng ₱0.64 sa pambansang antas, ₱0.68 sa National Capital Region (NCR) at ₱0.63 sa iba pang mga rehiyon. Napakalaki na rin ng agwat sa pagitan ng arawang minimum na sahod at halaga ng arawang pangangailangan ng isang pamilya. Sa harap ng tumitinding krisis sa kabuhayan at lumalawak na mga pakikibakang manggagawa, nagbibingi-bingihan ang rehimen sa panawagan na ibalik ang pambansang minimum na sahod at para sa makabuluhang pagtataas nito.

Mula nang ipatupad ang Wage Rationalization Act (RA 6727) halos nakapako na sa kasalukuyan nitong mababang antas ang sahod ng mga manggagawa. Winakasan ng RA 6727 ang dating sistemang pagtatakda ng Kongreso ng minimum na sahod sa pambansang antas at ibinigay sa maka-kapitalistang Regional Tripartite Wages and Productivity Board (RTWPB) ang awtoridad na itakda ang sahod batay sa diumano'y magkakaibang ekonomikong kalagayan ng mga rehiyon. Karaniwang barya-barya lamang ang ibinibigay nitong dagdag sahod, alawans (COLA o *cost of living allowance*) at iba pang di-perang insentiba kahit pa taun-taon ay sumisirit ang mga presyo ng araw-araw na mga pangangailangan.

**Pagbakbak sa halaga ng piso**

Mula nang isabatas ang kontra-mamamayang TRAIN (repormang buwis) noong Enero, mabilisang nagtaasan ang presyo ng mga bilihin at serbisyo. Kabilang dito ang presyo ng mga produktong petrolyo. Dahil sa TRAIN na nagpataw ng dagdag na buwis sa mga produktong petrolyo, kakumbina ang patakaran ng deregulasyon, sumirit nang 35% ang halaga ng *diesel* (₱27.95 tungong ₱42.85/litro) at nang 29% ang halaga ng gasolina (₱41.15 tungong ₱58.07 kada litro) mula Hunyo 30, 2016 hanggang Mayo 29.

Binabakbak ng implasyon ang malaking bahagi ng kasalukuyang halaga ng mga minimum na sahod sa buong bansa.

Mula 2006, bumagsak nang 32% ang halaga ng sahod sa NCR. Ibig sabihin, ang tunay na halaga ng ₱512 na sahod ay katumbas na lamang ng ₱348. Ang tunay na halaga ng sahod ay tumutukoy sa aktwal na halaga ng sahod batay sa epekto ng implasyon sa piso.

**Kapos na sahod**

Lubhang kulang ang tinatanggap na sahod at hindi na makaagapay sa pagsirit ng presyo ng pang-araw-araw na gastusin ng mga manggagawa. Ito ay sa kabila ng mahigit 325 kau-

*...sundan sa pahina 11*

*"Libre pero...," mula sa pahina 9*

Kasama rin sa batas ang paglilimita sa mga SUC sa bilang ng tatanggaping mga estudyante. Para isagawa ito, higit pang ginawang mahirap ng mga SUC ang mga pagsusulit at dinamihan ang mga rekisito para sa mga nais mag-enrol. Ito ay para iwasan ang maramihang paglipat ng mga estudyante sa mga pribadong paaralan tungo sa mga SUC.

**Iba pang maniobra**

Habang binubusog ng kita ang pribadong sektor, pinagkaitan naman ng pondo ang mga publikasyon at mga konseho ng mag-aaral. Sa ilalim ng RA 10931, kinakategorisa bilang OSF ang pondo ng naturang mga institusyon ng estudyante. Ang pag-aalis ng pondo para sa mga institusyong ito ay malinaw na panunupil at pagpigil na maglunsad ng mga aktibidad o maglathala ng mga babasahin na ipinapakita ang nagpapatuloy na paglaban ng mga kabataan.

Ang paniningil sa ilalim ng RA 10931 ay hindi lamang sa porma ng matrikula, pero pati sa mas masahol na porma ng pagbibigay ng libreng lakas-paggawa ng mga kabataan sa tabing ng Return Service System (RSS). Pwersadong maging mga *student assistant* ang mga estudyante nang walang tinatanggap na kabayaran. Ngayon, ipit sa dalawang pagpipilian ang mga kabataan—magbayad ng napakamahal na matrikula o magbigay ng libreng lakas-paggawa.

Dagdag pa, hindi saklaw ng batas ang maraming estudyante na hindi agad nakapagtapos, mga nagdudoktor o nag-aabugado, mga kumukuha ng ikalawang kurso at mga estudyanteng bagsak sa eskwela. Lahat sila'y pinagbabayad ng matrikula at iba pang bayarin.

Sa dami ng mga maniobra ng paniningil, inilalantad ng rehimen ang kawalan ng sinseridad na kilalanin ang edukasyon bilang isang batayang karapatan. Nananatiling kalakal ang turing nito sa edukasyon. Sa ikalawang taon ni Duterte, mas malalaking *walkout* ang dapat ilunsad ng mga kabataan. Singilin at panagutin ang rehimeng Duterte sa lahat ng mga maniobra ng paniningil, igiit ang libreng edukasyon para sa lahat, at isulong ang tunay na pambansa, siyentipiko, at makamasang edukasyon. AB

# Mga unyonista ng CoreAsia, nagprotesta

Inilunsad ng mga manggagawa ng CoreAsia Paper Mills ang isang piket noong Hulyo 2 para iprotesta ang banta ng maneydsment na ipasara ang kumpanya. Ito ay matapos buuin ng mga manggagawa ng pabrika ang kanilang unyon, ang Pinagkaisang Lakas ng mga Manggagawa ng CoreAsia.



Bago nito, naglunsad ang mga manggagawa ng protesta sa panahon ng kanilang pahinga. Inilantad nila ang talamak na kontraktwalisasyon sa kanilang hanay, kakarampot na sahod na ₱280 bawat araw, sapilitang pagpapa-obertaym, pagpapatrabaho nang 10-15 oras at kawalan ng mga benepisyo. Anila, pinabibilis ng maneydsment ang mga makina at ginagawang mano-mano ang produksyon upang sagarin ang pagtatrabaho ng mga manggagawa. Matapos ang protesta, pinagbawalan nang bumalik sa loob ng pabrika ang mga lumahok.

Nagtayo ng kubol ang mga manggagawa sa tapat ng kumpanya bilang "Bantay-Pabrika" sa iligal na pagtanggal sa kanila. Binabantayan nila ang tangkang pagpuslit ng CoreAsia ng mga makina mula sa loob, na may rekord na ng iligal na pagsara upang takasan ang pananagutan nito sa mga manggagawa.

Noong Hulyo 3, sa isang dayalogo, naitulak ng mga unyon na pabalikin ang mga tinanggal. Naipirmi ring hindi maaaring maglabas ng anumang makina ang kumpanya. Dagdag pa, naigiit din ng mga manggagawa na imbestigahan ng DOLE ang kanilang kalagayan sa loob ng pabrika.

Ang CoreAsia, na matatagpuan sa Valenzuela City, ay kumpanyang gumagawa ng mga produktong karton. Sa 108 manggagawa nito, mahigit 60 lamang ang regular.

Mula nang ilabas ni Duterte ang EO 52 noong Mayo 1, tumindi ang malawakang tanggalan ng mga kontraktwal na manggagawa. Ayon sa Kilusang Mayo Uno, sa loob ng dalawang buwan, hindi bababa sa 200,000 kontraktwal na manggagawa na ang tinanggal ng mga kumpanyang ayaw gawing regular ang kanilang mga empleyado.

Samantala;

- Sinugod ng mga Lumad at kabataan ang Lim Ket Kai *mall* sa Cagayan de Oro City noong Hunyo 25 kung saan nagtatalumpati si Duterte. Sa raling iglap, nanawagan sila na palayasin ang mga sundalo sa mga komunidad at itigil ang batas militar sa

*...sundan sa pahina 12*

---

*"Magkano na...," mula sa pahina 10*

tusang umento sa sahod na inilabas ng iba't ibang mga RTWPB mula 1989.

Ang arawang gastos para sa disenteng pamumuhay sa NCR ay tumaas nang ₱750, mula ₱461 noong 2000 tungong ₱1,211 sa kasalukuyan. Samantala, ang sahod ay tumaas lamang ng ₱288.50, mula ₱223.50 noong tungong ₱512.

Bunga nito, rumurok na noong Hunyo sa 58% (₱699) ang agwat sa pagitan ng arawang minimum na sahod at halaga ng arawang pangangailangan ng pamilyang anim-katao. Pinakamataas na ito sa halos tatlong dekada.

Kasalukuyan ding kinakasangkapan ng rehimen at ng mga kapitalista ang iba't ibang iskema gaya ng *two-tiered wage system* at ng huwad na kontra-kontraktwalisasyong Department Order (DO) 174 para higit pang hilahin pababa ang sahod. Sa ilalim ng *two-tiered wage system*, binibigyan ng awtoridad ang RTWPB na magpatupad ng mga "floor wage" na mas mababa pa sa mga itinakdang minimum na sahod. Ginagamit naman ang DO 174 para patuloy na pagkaitan ang mga manggagawa ng kanilang karapatan sa regular na trabaho at disenteng sahod.

Sa kabila ng tumitinding krisis sa kabuhayan, patuloy pa ring hinahadlangan ng mga upisyal sa ekonomya ng rehimeng Duterte ang makabuluhang pagtataas ng sahod sa hungkag na mga pangangatwirang higit lamang daw nitong itataas ang mga presyo ng pangunahing bilihin, magdudulot ng malawakang disempleyo at itataboy ang mga dayuhang mamumuhunan. Malinaw na ipinagpapatuloy lamang ng rehimen ang neoliberal na patakaran ng pagpako sa sahod sa mababang antas.

Pinaiigting ng mga manggagawang Pilipino ang kanilang pakikibaka para sa dagdag sa sahod. Nanawagan silang itaas sa P750 ang halaga ng minimum na sahod. Isinisigaw nilang ibalik ang pambansang minimum na sahod, ibasura ang RA 6727 at lansagin ang mga RTWPB. Kasabay nito, sigaw nilang wakasan ang iba't ibang iskema ng pleksibilisasyon na pumipiga sa kanilang lakas-paggawa. AB

| | HUNYO 2000 | HUNYO 2018 | KABUUANG ITINAAS |
|---|---|---|---|
| ARAWANG NAKABUBUHAY NA SAHOD: | P461 | P1,211 | P750 |
| MINIMUM NA ARAWANG SAHOD: | P223.5 | P512 | P288.5 |

| NOONG 2016: ₱1 | HALAGA SA KASALUKUYAN: | | |
|---|---|---|---|
| | 0.64 BUONG BANSA | 0.68 NCR | 0.63 IBANG REHIYON |

20180707

# PLDT, kontra-manggagawa

"SAMUTSARING KAPARAANAN ANG ginagawa ng Philippine Long Distance Telephone Company (PLDT) para baliktarin ang kautusan ng DOLE na gawing regular ang kanyang mga manggagawa," ani Dan Joshua Nazario, pangulo ng PLDT Organization of Workers and Employees for Rights (POWER).

Noong Hunyo 30, naglunsad ng protestang "Kalampagan" ang mga manggagawa ng PLDT sa harap ng upisina nito sa España, Maynila matapos wakasan ng higanteng korporasyon sa telekomunikasyon ang mga kontrata nito sa iba't ibang ahensya sa buong bansa. Hawak ang PLDT ng kumprador na si Manny Pangilinan na siya ring nagpapatakbo ng Smart Communications Inc., Metro Pacific Investments Corporation at Philex Mining Corporation, mga kumpanya na laganap ding nagpapatupad ng kontraktwalisasyon.

Ang ganitong maniobra ang naglagay sa halos 8,000 manggagawa ng PLDT sa "floating status" o awtomatikong pagtatanggal sa kanila sa trabaho. Mayorya sa kanila ay mga *costumer service representative* at mga *technical support worker*. Sila ang humaharap, tumatanggap ng reklamo, sumasagot sa mga katanungan ng gumagamit ng produkto at serbisyo ng PLDT at naglalako ng mga produkto ng kumpanya. Pinakamalaking sabayang tanggalan ito sa nakaraang isang dekada.

**#NationwideSigningOff**

Kasabay nito, naglunsad noong Hunyo 30 ang libu-libong manggagawa ng PLDT ng protestang Black Friday (pagsusuot ng itim) at sabay-sabay na naglagay sa kanilang mga *social media account* ng #NationwideSigningOff o "pambansang pamamaalam" bilang protesta. Kabilang sa mga lumahok ang mga empleyado ng PLDT sa Maynila, Alabang, Makati, Cebu, Quezon at Baguio.

Bago pa nito, may 2,000 manggagawa ang nagtungo sa PLDT-Mandaluyong noong Hunyo 1, upang magsumite ng mga rekisitong dokumento para maging regular na empleyado at iprotesta ang pagpapaikot-ikot ng PLDT para tanggihan sila.

Noong Enero 10 pa inutos ng DOLE ang pagregularisa ng PLDT sa 7,300 nitong empleyado at ibigay sa kanila ang mga benepisyo na umaabot na sa P66.3 milyon ang kabuuang halaga. Umapela ang PLDT sa kautusang ito, ngunit ibinasura ng DOLE ang kanilang apela at muling naglabas ng parehong utos noong

*...sundan sa pahina 13*

---

*"CoreAsia...," mula sa pahina 11*

Mindanao.

- Kinumpronta ng mga residente ng Barangay Coral ni Lopez sa Calaca, Batangas noong Hunyo 20 ang mga sundalo at pulis na nagkampo sa kanilang lugar. Nagkaisa ang mga upisyal ng barangay na magpasa ng resolusyon na magbabawal sa paghimpil ng mga elemento ng AFP at PNP sa kanilang lugar.

- Pinangunahan ng Liga Manggagawa ang *vigil* ng mga manggagawa at kanilang mga tagasuporta noong Hulyo 3 sa tapat ng Biñan PNP sa Laguna upang iprotesta ang muling pagbuwag ng mga pulis sa piket ng Middleby Philippines Corporation at iligal na pag-aresto sa pitong manggagawa nang hapong iyon.



- Nagprotesta ang mga manggagawa ng Jollibee Foods Corporation (JFC) sa harap ng upisina ng kumpanya sa Pasig City noong Hunyo 27 upang igiit ang regularisasyon sa mahigit 400 kontraktwal na manggagawa na tinanggal ng kumpanya. Nagtayo din sila ng kampuhan sa tapat ng bodega nito sa Parañaque City at nanawagan sa publiko na i-boykot ang Jollibee at iba pang negosyo ng pamilyang Tan Cak Tiong, ang may-ari ng JFC.

- Nagtayo ng kampuhan sa labas ng Navotas Fish Port Complex noong Hunyo 19 ang 44 na kontraktwal na tinanggal ng SLORD Corporation. Tinanggal ang mga manggagawa matapos nilang ireklamo ang mababang sahod, kawalan ng benepisyo, pagpapamulta at di-makataong kundisyon sa paggawa.



- Nagtipon ang mahigit 1,000 magsasaka at kanilang mga tagasuporta sa tapat ng kapitolyo ng Negros Occidental sa Bacolod City noong Hunyo 28 upang ipanawagan ang hustisya sa pagpatay sa lider-magsasaka na si Julius Barellano. Iginiit din ng mga magsasaka mula sa lokal na pamahalaan na magbigay ng ayuda para sa Tiempo Muerto—ang panahon matapos ang anihan ng tubo.

- Itinayo ng mga residente ng Boracay ang alyansang We Are Boracay upang igiit ang sapat na ayuda mula sa gubyerno at relokasyon sa loob ng isla. Sinisisi nila si Duterte sa laganap na kawalan ng trabaho sa isla.

- Nagpiket ang Anakpawis sa labas ng Kongreso noong Hunyo 27 upang kundenahin ang inihain na mga amyenda sa Human Security Act of 2007. Anang grupo, dagdag-kapangyarihan ito ng gubyerno para kasuhan, tiktikan at arestuhin ang mga kritiko nito.




- Nagtigil-pasada ang mga drayber ng *jeep* sa Albay, Camarines Sur at Masbate noong Hunyo 25 upang iprotesta ang taas-presyo ng krudo dulot ng TRAIN law. Paralisado ang byahe ng dyip nang 97% sa Albay, 90% sa Camarines Sur at 60% sa Masbate.

- Sa EDSA Cubao, nagmartsa ang mahigit 300 pampublikong guro sa ilalim ng ACT NCR Union noong Hulyo 4 upang igiit ang pagtataas ng sahod ng mga guro at pagbasura sa TRAIN law. AB

"PLDT...," mula sa pahina 12

Abril 2018. Upang lusutan ito, umapela ang PLDT sa Court of Appeals noong Mayo 2018 sa kabila ng pagiging pinal ng kautusan.

Sa halip na gawing regular ang mga manggagawa, pinutol ng PLDT ang mga kontrata nito sa 38 ahensya sa paggawa gamit ang mismong kautusan ng DOLE. Pinahirapan nito ang mga kontraktwal sa pamamagitan ng paghingi ng samutsaring rekisito tulad ng mga eksam at iba pa.

**#CallUsRegulars**

Sa pangunguna ng POWER at Defend Job Philippines, inilunsad ng mga manggagawa ang kampanyang #CallUsRegulars o "gawin kaming regular" noong Hunyo upang kalampagin ang PLDT at si Pangilinan na ipatupad na ang kautusan ng DOLE at tugunan ang responsibilidad nito sa kanyang mga manggagawa.

Matapos ang "Kalampagan" sa PLDT España, nagtungo ang mga manggagawa sa punong tanggapan ng DOLE sa Intramuros, Maynila upang makipagdayalogo. Nangako naman si Sec. Silvestre Bello III ng DOLE na magpapatawag ng pagpupulong ng mga empleyado at maneydsment para lutasin ang sigalot.

Bumuhos sa *social media* ang suporta para sa mga manggagawa ng PLDT sa isinagawang panawagan sa *internet (twitter rally)* sa parehong araw. Gamit ang #SavePLDT-Contractuals o "iligtas ang mga kontraktwal ng PLDT," nakiisa ang iba't ibang sektor upang kundenahin ang malawakang tanggalan at para sa katiyakan sa paggawa. Libu-libong kostumer at gumagamit ng mga serbisyo ng PLDT ang nagreklamo dahil sa mga aberyang idinulot ng tanggalan.

Sa kanilang pahayag, nangako ang POWER at Defend Job Philippines na ipagpapatuloy ang kampanya para sa regularisasyon, hamunin ang DOLE na ipatupad ang kanyang kautusan at ipanawagan sa gubyerno ni Rodrigo Duterte na tugunan ang panawagan ng mga manggagawa na maging regular. AB

# Pakikibakang LGBT, pinatampok sa martsa

MAHIGIT 25,000 ANG dumalo sa Manila Pride March 2018 sa Marikina Sports Center noong Hunyo 30. Nagmartsa ang iba't ibang grupo ng LGBT at kanilang mga tagasuporta upang isulong ang kalayaan, pagkapantay-pantay at ang pagwawakas ng diskriminasyon laban sa mga *lesbian*, *gay*, *bisexual*, *transgender* o LGBT sa temang #RiseUpTogether. Nakiisa rin sila sa panawagan ng mga manggagawa na iboykot ang mga produkto ng NutriAsia, wakasan ang TRAIN law at iba pang mga kontra-mamamayang batas ng rehimen.

Ang martsa ay paggunita rin sa makasaysayang aklasan ng LGBT noong Hunyo 28, 1969 sa Stonewall Inn, Greenwich Village, New York, USA. Tinawag na Stonewall Riots ang matapang na paglaban ng LGBT laban sa reyd ng New York City Police sa isa sa kanilang lugar na pinagtitipunan. Ang pangyayaring ito ay nagbunsod ng unang kilusang naggigiit para kilalanin ang identidad ng mga bakla at wakasan ang diskriminasyon laban sa kanila. Sa kalaunan, naging inspirasyon ito sa paglaban ng LGBT sa buong mundo.

Sa kabila ng ilang dekada nang pakikibaka at ilan na ring mga tagumpay ng LGBT, namamayani pa rin ang diskriminasyon laban sa kanila. Gamit ang relihiyon, idinedeklara pa rin silang mga sinapian ng demonyo, tagahatid ng sakuna at delubyo at iba pang sobinistang pananaw na walang ibang idinulot kundi ang walang batayang pagkamuhi at galit na humahantong sa karahasan at pamamaslang. Kinukutya at niyuyurakan ng mga pananaw na ito ang kanilang pagkatao at inuudyukan ang panlalait at pananakit sa kanila.

Ang nagpapatuloy na pakikipagtunggali ng LGBT para kilalanin ang kanilang identidad at wakasan ang diskriminasyon laban sa kanila ay kailangang nakakawing sa mas malawak na pakikibaka para sa kanilang mga karapatan at kagalingan bilang bahagi ng mga pinagsasamantalahan at inaaping sektor. Kailangang magkiisa ang mga LGBT sa hanay ng mga manggagawa, magsasaka, petiburges at minoryang mamamayan para sa pangkalahatang panlipunang paglaya. Sa kasalukuyan, ang pakikibakang ito ay nakatuon sa pagpapabagsak sa *macho*-pasistang rehimeng US-Duterte sa pinakamadaling panahon.

**LGBT sa rebolusyon**

Malaon nang bahagi ng mapagpalayang kilusan ang mga LGBT. Marami sa kanila ay mga aktibista at organisador sa kalunsuran at kanayunan. Sa Bagong Hukbong Bayan, nagsisilbi sila bilang mga regular na mandirigma, mga upisyal sa pulitika, medik, kumander at iba pa. Sa Partido, hindi sagka ang kanilang identidad para kilalanin ang kanilang mga karapatan at itaguyod ang kanilang kagalingan.

Nakasaad mismo sa Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan ng Partido Komunista ng Pilipinas na inilabas ng Ikalawang Kongreso nito ang probisyong "Itaguyod ang karapatan ng mga lesbyana, bakla, *bisexual* at *transgender* na ipahayag ang kanilang kasarian at suportahan ang kanilang pakikibaka laban sa lahat ng diskriminasyon." Noon pang maagang bahagi ng dekada 1990, itinataguyod na ng Partido ang pantay na karapatan ng mga LGBT sa pakikipagrelasyon at kasal. Marami nang mga LGBT ang ikinasal sa loob ng kilusan.

Bilang mga Partidista, ibinabahagi nila ang kanilang lakas at talino sa larangang pakikidigma. Malapit sila sa masa at malaki ang kanilang ambag sa pagpupukaw, pagpapakilos at pag-oorganisa sa kanila. Bilang mga LGBT, batid nilang ang pagtahak sa landas ng rebolusyon ang pangunahing magpapalaya sa kanila sa pyudal at burgis na sobinistang pananaw. AB